

# PROLOGUE

Nakaupo si Avalon Castillo sa gilid ng papag at nangangalay na ang kanyang kamay dahil sa kapapaypay sa tatlo niyang nakababatang kapatid na natutulog. Kanina pa niya gustong magpahinga, kaya lang ay naaawa siya sa mga ito dahil baka papakin ito ng mga lamok.

“Ate Ava,” mahinang bulong ng bunso niyang kapatid, “nagugutom na ako.”

“Hintayin na lang natin si Tatay, ha?” pabulong na sabi niya.

“Hindi naman siya uuwi,” anito. “Andoon siya sa ospital kasama si Nanay. Binabantayan nila si Ate.”

“Umuwi kaya si Tatay kanina. Hindi mo lang nakita kasi naglalaro ka.”

“Basta, Ate, nagugutom na ako.”

“Matulog ka muna.” Masuyo niyang nilapitan ang kapatid at kinapa sa kadiliman ang ulo nito. Wala kasi silang kuryente dahil naputulan sila noong isang araw. “Gigisingin na lang kita kapag dumating na si Tatay.”

Walang nagawa ang bunso kundi ipikit na lamang ang mga mata at itulog ang gutom. Naawa siya sa kasalukuyang sitwasyon ng kanyang mga kapatid. Pakiramdam niya ay napagkaitan ang

mga ito ng pagkakataon na malasap ang saya ng pagiging bata dahil sa hirap ng buhay.

Heto siya, labing-anim na taong gulang, imbis na tumulad sa mga kaklase na gumagawa ng homework o kaya ay nanonood ng TV sa mga sandaling iyon ay nagbabantay siya sa mga kapatid at nagtitiis ng gutom sa madilim at mainit nilang bahay.

Hindi niya masisi ang mga magulang sa kawalan ng pera na maipambayad sa kuryente o ipakain sa kanila. Nagkataon lang na ilang araw nang naka-confine ang kanyang ate sa ospital. Palagi kasi itong may-sakit, palaging nanghihina at palaging sinusumpong ng asthma. Natural lang siguro na maubos sa gamot nito ang perang kinikita ng kanilang tatay.

---

Pinigilan ni Avalon ang lumuha habang kumakaway sa barko. Hindi na niya makita kung nasaang parte ang kanyang nanay at mga kapatid, subalit patuloy pa rin siya sa pagkaway.

Pansamantalang maninirahan ang kanyang pamilya sa Samar maliban sa kanila ng tatay niya na maiiwan sa Maynila.

Ang sinabi kasi ng doktor ng ate niya ay kailangan nitong makalanghap ng sariwang hangin kung kaya napagdesisyunan ng mga magulang niya na roon muna mamalagi ang mga ito sa probinsiya.

Sa kasamaang-palad ay napilitang tumigil sa pag-aaral ang

mga kapatid niya dahil kapos na rin ang mga magulang niya sa pangtustos sa pag-aaral ng mga ito. Siya lamang ang sinuwerte na makapagpatuloy ng pag-aaral dahil sinagot iyon ng amo ng kanyang ama.

Napabuntong-hininga na lamang siya sa kapalaran ng kanyang pamilya. Siguro ganoon talaga ang buhay. Siguro kaya siya ang naiwan sa Maynila dahil siya ang nakatakdang tumulong sa mga magulang na maiahon ang buhay mula sa kahirapan.

“Halika na, Anak,” yaya ng kanyang ama, kasabay niyon ay ang pagpatong ng braso nito sa kanyang balikat.

Nilingon niya ito. “Tay, gaano sila katagal sa Samar?” tanong niya.

“Siguro, Anak, hanggang sa makaluwag-luwag lang tayo.”

“Tay, gusto ko po sanang mag-working student para kahit paano ay makatulong ako sa inyo.”

“Pag-aaral ang asikasuhin mo,” matatag na sabi ng hindi pa katandaang lalaki. “Sa inyong magkakapatid ay ikaw lang ang pinalad na makapagpatuloy ng pag-aaral, kaya’t iyon ang dapat mong unahin.”

“Pero, Tay—”

“Huwag kang mag-alala, Anak. Darating din ang pagkakataong magkakasama-sama tayo ulit.” Ngumiti ito sa kanya. “Giginhawa din tayo.”